ACTIVITY SHEET
HEALTH 1
QUARTER 3-MODULE 3


Pangalan: ______________________________________________1-__________________

**Kahalagahan ng Pagkakaroon ng Malinis na Tubig sa Tahanan**

Activity No. 1

**Panuto:** Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.


_____ 1. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng kahalagahan ng tubig?



_____ 2. Araw-araw ay naglilinis ng kanyang bisikleta si Ted kahit ito ay malinis pa. Anong katangian mayroon si Ted?

A. matipid sa tubig
B. walang pagpapahalaga sa tubig
C. siya ay responsible sa paggamit ng tubig
D. wasto ang paggamit niya ng tubig

_____ 3. Kailangang maging responsable sa paggamit ng tubig. Alin sa mga larawan ang hindi nagpapakita ng pagiging responsable sa paggamit ng tubig?



_____ 4. Si Andoy at Melda ay naglalaro ng tubig habang sila ay naliligo. Ito ba ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa tubig?

A. Oo
B. hindi
C. marahil
D. hindi alam

LIVEWORKSHEETS

_____ 5. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon angnagpapakita ng wastong pagpapahalaga sa pagkakaroon ng malinis na tubig sa tahanan?

A. Tinatakpan ni nanay ng malinis na tela ang mga nakaimbak na tubig sa dram.

B. Hinahayaan ni Tessa na tumutulo ang gripo habang siya ay naghuhugas ng plato.

C. Pinaglalaruan ni Tessa ang nakaimbak na tubig sa banyera .

D. Umaapaw ang tubig sa timba habang nag-iigib si Danny.

Activity No. 2

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **Tama** kung ang gawain ay nagpapakita ng responsableng paggamit ng tubig at **Mali** kung hindi.

_____ 1. Si Aling Nena ay gumagamit ng timba sa pagdidilig ng halaman.

_____ 2. Nakabukas ang gripo at umaapaw ang tubig habang naglalaba si Inay.

_____ 3. Ginagamit ni Kuya Jose ang tubig na pinaglabhan ni Inay sa paglilinis niya ng kanyang bisikleta.

_____ 4. Gumagamit ng baso ng tubig si Ate Hannah habang siya ay nagsisipilyo.

_____ 5. Umaapaw ang tubig habang naghuhugas ng pinggan si Ana.

Pangalan at Lagda ng Magulang: _____________________

LIVEWORKSHEETS